DOCUMENT RESUME

ED 187 102 FL 011 183

AUTHOR Berzabal, Ofelia G.
TITLE Reading Right: Tagalog Translation Manual. English for Special Purposes Series: Nursing Aide.
INSTITUTION Honolulu City and County Office of Human Resources, Hawaii.; Honolulu Community Coll., Hawaii.
SPONS AGENCY Department of Labor, Washington, D.C.
PUB DATE 77
CONTRACT DL-15-6053-37
NOTE 131p.
LANGUAGE Tagalog; English

EDRS PRICE MF01/PC06 Plus Postage.
DESCRIPTORS Adult Education; *English (Second Language); *English for Special Purposes; Grammar; High Interest Low Vocabulary Books; Instructional Materials; Language Usage; Medical Vocabulary; *Nurses Aides; Reading Materials; *Reading Skills; *Second Language Instruction; *Tagalog; Vocabulary Development

ABSTRACT

This Tagalog translation manual for nursing aides is designed to improve reading skills of U.S. immigrants. After short readings in Tagalog, and English translations of vocabulary/phrases, comprehension, grammar, and language usage exercises are presented. Topical areas include: food, the hospital staff, body language, cleanliness in the hospital, measurements and medical abbreviations, emergencies, the library, observing and reporting, and job searching. (SW)

****
* Reproductions supplied by EDRS are the best that can be made *
* from the original document. *
****

ENGLISH FOR SPECIAL PURPOSES SERIES

NURSING AIDE

TAGALOG TRANSLATION MANUAL

READING RIGHT

ED187102

FL011183

OFELIA G. BERZABAL

U.S. DEPARTMENT OF HEALTH, EDUCATION & WELFARE
NATIONAL INSTITUTE OF EDUCATION

THIS DOCUMENT HAS BEEN REPRODUCED EXACTLY AS RECEIVED FROM THE PERSON OR ORGANIZATION ORIGINATING IT. POINTS OF VIEW OR OPINIONS STATED DO NOT NECESSARILY REPRESENT OFFICIAL NATIONAL INSTITUTE OF EDUCATION POSITION OR POLICY

Produced at Honolulu Community College
1977

No rights reserved. Any part of this book may be reproduced in any form or by any electronic or mechanical means by any classroom teacher for use in a classroom. No written permission from the author or publisher is necessary. This text may not be commercially sold or published. Arrangements for obtaining multiple copies of this text can be made with the Honolulu Community College Instructional Resource Center.

Produced at Honolulu Community College, 1977.

This text was developed under Comprehensive Employment and Training Act (CETA) contract number 15-6053-37 between the U.S. Department of Labor and the Office of Human Resources, City and County of Honolulu, under subcontract to Honolulu Community College.

ACKNOWLEDGMENTS

Several people have earned my heartfelt gratitude for their suggestions and contributions. I am indebted and extend sincere thanks to Al Hoel, Coordinator, and instructor of the PLESA project for providing suggestions, ideas and preferences in establishing the format of this translation manual.

Special thanks and sincere gratitude go to my husband, Tony Berzabal, for translating portions of this manual and editing them. Also, I am grateful to Jessiefema Figuerres for her suggestions and for editing and typing this text.

To all the PLESA instructors and the bilingual teachers that I worked with and who devoted much of their time writing materials, teaching and counseling the immigrant students enrolled in this project, I express sincere appreciation. Also deserving special mention and thanks is Esperanza Sipin of the Bilingual-Bicultural Program who gave me suggestions and an Ilocano/Tagalog dictionary that helped me a great deal in translating difficult terms.

I dedicate this translation manual to all its users who want to improve their English Speaking, Listening and Reading ability.

O.G.B.

Honolulu, Hawaii
September 1977

TABLE OF CONTENTS

Acknowledgments iii

To The Student vi

Introduction ix

UNIT I AN INTRODUCTION 1

UNIT II IT'S A MATTER OF TIME 17

UNIT III FOOD FOR THOUGHT 26

UNIT IV THE HOSPITAL STAFF 44

UNIT V BODY LANGUAGE 54

UNIT VI ASEPSIS 62

UNIT VII MEASUREMENT AND ABBREVIATION 74

UNIT VIII IT'S AN EMERGENCY 84

UNIT IX THE LIBRARY 93

UNIT X OBSERVING AND REPORTING 99

UNIT XI THE JOB HUNT 110

UNIT XII REVIEW AND TESTING 122

SA ESTUDIYANTE

Pagtanggap sa islang Mahimahi. Ang babasahing-aklat na ito ay iyong magiging patnubay sa islang Mahimahi. Inaasahan naming ikaw ay masisiyahan dito sa Mahimahi. Ang Mahimahi ay isang natatanging pook. Ito ay katulad na katulad ng Hawaii, nguni't ito ay hindi Hawaii. Marami kang matutunanan tungkol sa kultura at kaugalian sa Hawaii sa pagbabasa mo tungkol sa Mahimahi. Ang kultura at kaugalian sa Mahimahi ay katulad ng sa Hawaii. Sapagka't ang opisyal na wika ng Mahimahi ay Inggles, iyo ding mapag-aaralan ang wikang ito.

KAAYUSAN NG SALIGANG-AKLAT

Ang saligang-aklat na ito ay naglalaman ng tatlong pangunahing uri ng babasahin.

1. Ito ay mayroong mga kuwento tungkol sa islang Mahimahi.

2. Ito ay may mga sanaysay at mababang artikulo tungkol sa kaalaman sa paggagamot o medisina na kakailanganin mo bilang isang katulong ng nars.

3. Mayroong babasahin tungkol sa pananalita upang makatulong sa ikapagbubuti ng iyong pagbasa.

Mayroon ding paliwanag tungkol sa kultura at kaugalian tungkol sa kabuhayan sa Estados Unidos. May mga suliranin ng mga salita na kailangan mong lutasin at may mga maikling pagsasanay sa kabilisan ng pagbasa dito sa aklat na ito.

May labing-isang bahagi ang aklat na ito. Ang bawa't bahagi ay naisaayos sa isang pangunahing paksa. Ang bahaging ito ay magkakaugnay sa saligang-aklat ng Speaking at Listening Nursing Aide na isa ding bahagi ng seryeng ito. Subali't ang mga ito ay hindi sumasalig o umaasa sa isa't-isa, at maaaring gamitin ito na hindi kinakailangang gamitin ang aklat ng Speaking o Listening.

May mga pagsasanay sa hulihan ng mga bahaging 1, 3, 5, 7, 9, at 11. Ang mga kasagutan sa mga pagsasanay dito ay nakalakip sa huling bahagi nitong aklat. Kaya maaari mong gawin ang bawa't bahagi ng isa-isa. Maaari mong iwasto ang sariling gawain tuwing matatapos ang isang bahagi. Subali't naniniwala kaming makakatulong sa iyo na pag-uusapan sa klase ang mga nilalaman ng aklat na ito. Naniniwala kaming mas mabilis ang iyong pag-unlad sa pagbasa kapag iyong gagamitin ang aklat na ito bilang bahagi ng klase upang mapag-usapan at makapagtanungan tungkol sa mga leksiyon.

BABASAHING "CLOZE"

Ilan sa mga babasahin sa aklat na ito ay mga suliraning lulutasin. May mga puwang sa mga babasahing ito. Ang iyong tungkulin ay upang sagutin ang mga nawawalang salita sa mga puwang. Ang uri ng babasahing ito ay tinatawag na "cloze readings". May mga iba't-ibang paghuhulaan na makakatulong sa iyong pagsagot sa mga ito. Nasa mismong babasahin ang mga bagay na iyong paghuhulaan. Iyong matutuklasan at malalaman kung anong mga salita ang babagay sa mga puwang at kung anong uring mga salita ito. Kung minsan maaaring makakakita kayo ng mga puwang na hindi ninyo malulutas. Huwag tumigil magbasa. Iwanan ang puwang na ito at ipagpatuloy ang pagbasa. Maraming pagkakataon na iyong maiisip ang mga nawawalang salita pagkatapos basahin ang buong sanaysay. Kaya mahalagang basahin ang buong sanaysay ng higit sa isang beses. Kung minsan naman ay maaaring kinakailangang basahin ito ng tatlo o apat na beses upang matiyak ang iyong isasagot sa lahat ng mga salita.

Ang layunin ng babasahing "cloze" ay upang tulungan kang maging isang mahusay na taga-pagbasa. Ang paraang ito ng pagbasa ay hindi ang pagtingin lamang sa bawa't isang salita. Ang pagbasa ay ang pagintindi mo ng kahulugan ng lupon ng mga salita. Ang pagbasa ay nangangahulugan din na maaari mong hulaan o ipalagay kung ano ang sumusunod na paksang tatalakayin. Kaya, madalas na, kahit may isang salitang nawawala ay maaari ding intindihin o hulaan ang kahulugan ng iyong binabasa.

Huwag ikatakot ang paghula dahil mahalaga ito. Malalaman mo na ang paghula ay madalas nakakatulong sa pag-intindi ng kahulugan ng mga salita at mga babasahin. Subali't ito ay hindi basta-basta paghula, nguni't matalinong paghula na nababatay sa kaalaman tungkol sa wikang Inggles. Kahit na iyong nararamdaman na di-gaano ang kaalaman mo sa Inggles, kami'y naniniwala na ang mga babasahing ito ay makakaragdag sa iyong kaalaman ng wikang Inggles, at makakatulong sa ikabubuti ng iyong mga mahalagang kasanayan na maaaring gamitin sa pagbasa ng mga ibang bagay.

Mayroon pang mga ilang bagay na dapat mong malaman tungkol sa babasahing "cloze". Sumangguni sa unang babasahin habang binabasa ang mga sumusunod na pangungusap.

1. Ang unang pangungusap ng babasahing "cloze" ay buo.

2. Magmula sa ikalawang pangungusap, ang bawa't ikalimang salita ay hindi naisama o hindi nakasulat.

3. Kapag ang nawawalang salita ay nag-uumpisa sa

katinig, ang unang letra ay nakasulat. Pagkatapos, may mga puwang sa bawa't isang letra ng nawawalang salita.

4. Kapag nag-uumpisa sa patinig ang nawawalang salita, hindi nakasulat ang unang letra nito. May mga puwang sa bawa't letra ng nawawalang salita.

5. Ang mga babasahing "cloze" ay may mga numero, gaya ng, Reading 1, Reading 1A. (Mayroong mga ilang babasahin na tinatawag na "Short Readings". Walang numero ang mga ito.)

6. Magkatulad sa paksa ang mga babasahing magkapareho ang numero gaya ng 1, 1A. Ang "Reading 1A" ay mas mahirap na babasahin, kung kaya't kinakailangang unahin ang "Reading 1".

7. Ang kabuuan ng mga babasahing ito na walang mga puwang ay sumusunod sa bawa't "cloze reading". Subuking sagutin lahat ang mga puwang bago tingnan ang kabuuan ng mga "cloze readings".

PAGKAKASALIN SA IBANG WIKA

May mga pagkakasalin sa ibang wika na iyong gagamitin na kasama ang aklat na ito. Ito ay mga pagkakasalin ng ilan sa mga nilalaman ng iyong saligang-aklat. Bawa't bahagi ng babasahing aklat ay may pasimulang pambungad sa leksiyon. Ang mga ito naisalin sa ibang wika. Mayroon ding mga pagkakasalin sa bawa't salita o lupon ng mga salita. Habang binabasa ang aklat, iyong makikita ang (Tr) sa hulihan ng ilan sa mga babasahin. Ito'y nangangahulugan na ang bahaging ito ay naisalin sa ibang wika, at makikita sa aklat ng mga pagkakasalin. May mga apat na pagkakasalin. Ang mga ito ay sa Ilokano, Tagaloq, Korean, at Vietnamese. Tingnan ang mga pagkakasalin ng mga pambungad sa leksiyon, mga salita, at mga (Tr) tuwing makakita nito.

MAPA

Mayroon pang isang bagay na dapat mong malaman bago ka mag-umpisa. May dalawang mapa sa librong ito. Kinakailangan mong tingnan ang mga ito para sa ibang mga babasahin. Sa hulihan ng Reading 1 ng unang pangkat, ay may mapa ng islang Mahimahi. Sa kalagitnaan nitong aklat ay naroroon ang mapa ng lungsod ng Tamarind.

Ngayon ay handa ka nang magsimula. Inaasahan naming magugustuhan mo ang mga gawain sa aklat na ito. At aming inaasahan na ang mga takdang-aralin ay makakatulong sa iyong kasanayan sa pagbasa.

INTRODUCTION

Ang layunin ng aklat na ito ay upang makatulong sa madaling pag-intindi mo ng mga nilalaman ng aklat na Nursing Aide Reading Right. Sumangguni sa aklat na ito tuwing makakita o makabasa ka ng mga salita o lupon ng mga salitang mahirap intindihin and kahulugan.

May tatlong bahagi ang aklat na ito. Ang unang bahagi ay ang mga pagkakasalin sa Tagalog ng lahat ng pambungad sa bawa't pangkat ng leksiyon (Unit Preview). Ang pambungad na ito ay nagpapaliwanag ng kabuuan at nilalaman ng bawa't leksiyon. Mayroong mga listahan ng mga salita o lupon ng mga salita na naisaayos sa ayos ng abakada para sa bawa't pangkat o leksiyon (Vocabulary/Phrases). Ito ay mga pagkakasalin sa Tagalog ng mga salita na nasa babasahing-aklat na Nursing Aide Reading Right. Ang mga pagkakasalin sa mga ito ay alinsunod sa kahulugan ng pagkagamit sa mga babasahin. Habang iyong binabasa ang aklat sa Ingles, maaaring makatagpo ka ng mga talata o sanysay na may markang Tr sa hulihan o ibaba ng pangungusap. Ito (Tr) ay nagpapahiwatig na ang mga ito ay naisalin sa Tagalog at matatagpuan sa aklat na ito. Mayroon ding mga pagsasanay sa pagbigkas ng mga salita na makikita sa listahan ng mga salita (Vocabulary/Phrases). Kung hindi ka tiyak kung paano ang paggamit ng mga pagbibigkas nito, maaaring sumangguni sa anumang diksiyonaryo na Ingles at basahin ang paliwanag ng mga senyas o marka sa itaas ng mga salitang patinig. Maaari ding ipaliwanag ito sa iyo ng iyong guro kapag sumangguni sa kanya.

Aking inaasahan na makakatulong sa iyong pag-intindi at madaling pagkatuto ng Ingles ang mga pagkakasalin sa aklat na ito habang ikaw ay nag-aaral ng pagbasa, pagsalita at pakikinig sa Ingles.

O.G.B.

Honolulu, Hawaii
September 1977

UNIT I

AN INTRODUCTION

PREVIEW

Ang unang bahagi ng leksiyon na ito ay pambungad o pagpapakilala sa islang Mahimahi at lungsod ng Tamarind. Ito ay nagpapakilala din sa ilang mga taong nakatira sa islang Mahimahi. Habang binabasa ang mga sanaysay at ginagawa ang mga pagsasanay sa bahaging ito, iyong makikilala ang mga tao sa islang Mahimahi. Iyo ding makikita ang pagkakaayos ng aklat na ito, at kung anong uri ng mga babasahin at mga pagsasanay na iyong gagawin sa aklat na ito.

Bukod sa mga sanaysay, ang pangunahing pagsasanay sa pananalita sa leksiyon na ito ay ang pag-intindi sa paggamit ng ilan sa mga pang-ukol na karaniwang ginagamit. Iyong pagsasanayan ang mga pang-ukol na ito gaya ng, in, on, at, to, toward. Mayroong karagdagang pagsasanay sa hulihan ng pangkat na ito. Kailangang tapusin ang lahat ng mga pagsasanay bago magpatuloy sa susunod na bahagi ng aklat.

Ang mga kasagutan sa mga pagsasanay sa bahaging ito ay nasa hulihan ng aklat na ito. Tingnan ang mga gawain at iwasto ang mga kamalian habang pinag-aaralan ang isang pangkat o bahagi ng leksiyon.

Vocabulary/Phrases

Reading 1

agriculture /ăg-rĭ-kŭl'chər/ n pagsasaka
agricultural land - lupang pagsasakaan
area /â'rē-ə/ n lugar ; pook ; purok
came /kām/ v pt,pp of come dumating
city /sĭt'ē/ n lungsod
dolphin fish /dŏl'fĭn fĭsh/ n balyena
east /ēst/ n silangan
eastern /ē'stərn/ adj silanganan
find /fīnd/ v hanapin
first /fûrst/ adj una ; nauna
fishing /fĭsh'ĭng/ n pangingisda
grow /grō/ v tumubo ; lumaki
head /hĕd/ n ulo
hotels /hō-tĕls'/ n pl of hotel otel
industries /ĭn'də-strēs/ n pl of industry industriya
island /ī-lănd/ n isla ; pulo
it's about - ito'y tungkol sa
language /lăng'gwĭj/ n wika ; pananalita
largest /lärj'əst/ superl. of large pinakamalaki
looked like - kahawig ng.. ; kamukha ng..
main /mān/ adj pangunahin
map /măp/ n mapa
more and more - parami ng parami
most /mōst/ adj pinakamarami ; halos lahat
named /nāmd'/ v pt,pp of name napangalanan ; naturingan
near /nîr/ adj malapit
Pacific Ocean - Dagat Pacifico
part /pärt/ n bahagi ; panig
pineapples /pĭn'ăp-əls/ n pl of pineapples pinya
plantations /plăn'tā-shənz/ n pl of plantation patanimang-bukid
population /pŏp'yə-lā'shən/ n ang (bilang ng) mga taong-bayan

ports /pôrts/ n pl of port daungan ng mga barko, bangka, etc.
south /south/ n timog
speak /spēk/ v magsalita
square miles - isang milyang parisukat
sugar cane /shoōg' r kān/ n tubo
tail /tāl/ n buntot ; hulihan
tourism /toor'Iz'əm/ n paglalakbay ; turismo
tourists /toōr'Ists/ n pl of tourist turista
western /wèst' rn/ adj kanluran ; bandang kanluran

Reading 1A

called /kôld/ v pt,pp of call tinawag
drew /droō/ v pt of draw umakit
flat /flăt/ adj pantay
footsteps /fōōt'stĕps/ n pl of footstep hakbang ; yabag ; lakad
income /In'kŭm/ n sahod ; kita ; suweldo
is located - matatagpuan sa ; kinalalagyan na pook
it's made up of - ito'y gawa sa
measured /mĕzh'ərd/ v pt,pp of measure sinukat ; nasukat
mountainous /moun-tən-əs/ adj bulubundukin
rainy /rān'ē/ adj tag-ulan
region /rē'jən/ n pook ; purok
rolling plains - kapatagan
sources /sôrs'Is/ n pl of source pinagmulan
stones /stōns/ n pl of stone bato
walked /wòkt'/ v pt,pp of walk naglakad ; linakad
were /wûr/ be pt of are ay mga (nakaraan)

Reading 2

actually /Ak'choō' l-ē/ adv tunay na
farmers /fär'mərs/ n pl of farmer magbubukid ; magsasaka
founded /found'Id/ v pt of found natuklasan ; naitatag
growing /grō'Ing/ v prp of grow lumalaki ; umuunlad
residential /rēz' -dēn'sh l/ adj lugar ng mga bahay
west /wēst/ n kanluran

Reading 2A

compared to - naihambing sa
easiest /ēs'ē-əst/ superl of easy pinakamadali
ever since - magmula noong..
grown /grōn/ v pp of grow lumaki ; umunlad
rapidly /răp'ĭd-lē/ adv mabilis
story /stôr'ē/ n kuwento ; artikulo ; sanaysay

Short Readings

address /ə-drĕs/ n tinitirhan
apartments /ə-pärt'mənts/ n pl of apartment bahay ; tinitirhan ; aksesorya
City Hall - Gusaling Lungsod
elementary school - paaralang pangmababang baitang (elementarya)
hospital /hŏs'pə-t'l/ n pagamutan ; ospital
meets /mēts/ v magtagpo ; magharap
moved into - lumipat sa
neighbor /nā'bər/ n kapit-bahay
new /n/yōō/ adj bago ; panibago
nursing aide - katulong ng nars
sister /sĭs'tər/ n kapatid na babai
teacher /tē'chər/ n guro ; meastra(o)
typist /tī'pĭst/ n tagapagmakinilya
works /wûrks/ n pl of work gawain ; trabaho

Reading 3

ahead /ə-hĕd/ adj nauuna ; pauna ; sa harap
announces /ə-nouns'ĭs/ v ipatalastas ; ianunsiyo
answers /ăn'sərs'/ v sumagot ; tumugon
as they walk away - habang papalayo sila ; habang naglalakad silang papalayo
asks /ăsks;äsks/ v magtanong
beautiful /byōō'tə-fəl/ adj maganda
box /bŏks/ n kahon ; karton
catches up - aabot
C'mon (come on) - sige na

daughter /dô't r/ n anak na babai
day /dā/ n araw
don't know (somebody) very well - di-kilala (ang isang tao)
ng mabuti
every /ĕv'rē/ adj bawa't isa
explains /ĕk-splānz/ v ipaliwanag
friendly /frend'lē/ adj mabuting makipagkaibigan
full of questions - maraming katanungan ; puno ng mga tanong
hand /hănd/ n kamay
her /hûr/ pron siya (babai)
hope /hōp/ v umasa
hopping /hŏp'ĭng/ v prp of hop lumulundag
investigate /in-vĕs'tĭ-gāt'/ v magsiyasat ; siyasatin
kitchen /kĭch' n/ n kusina
know /nō/ v makilala ; maunawaan
lady /lā'dē/ n babaing may kalinangan
let's go - tayo na
mommy /mŏm'ē/ n informal inay ; nanay
moving day - araw ng paglilipat (ng tirahan)
nice /nīs/ adj mabuti ; kaiga-igaya ; mabait
please /plēz/ v masiyahan ; ikalugod
points /points/ n pl of point dulo ; dako
pulling /pŏol'ĭng/ v prp of pull hinihila ; hinahatak
replies /rĭ-plīz/ v tumugon ; sumagot
runs /rŭns/ v tumakbo
says /sĕz/ v sabihin
sees /sē/ v tingnan
smiles /smīlz/ v ngumiti
someone /sum'wun/ pron isang tao
stuff /stŭf/ n kagamitan ; mga bagay-bagay
take a walk - maglakad
today /t -da/ n ngayong araw ; itong araw na ito
What's yours? - What's your name? - Ano naman ang sa iyo?
Ano ang pangalan mo?
walks up to her - lumapit sa kanya (isang babai)

Miscellaneous Translations

Tr1 (COMPREHENSION)

Basahin and unang kuwento tungkol sa islang Mahimahi. Sagutin ang mga sumusunod na tanong.

Tr2 (VOCABULARY)

Tiyaking mabuti na maintindihan mo and mga salita sa listahang ito. Isulat ang mga kahulugan ng mga salitang may linya. Isulat ang mga kahulugan sa iyong sariling pananalita o wika kung nais mo.

Tr3 (VOCABULARY)

1. Karamihan ng mga turista ay mas nagnanais na tumira sa mga otel sa bandang silangan ng lungsod ng Tamarind.

prefer - naisin nang higit; mas nais

to stay - tumira; tumigil

Ang salitang stay ay isang pangkaraniwang pandiwa. Ang kahulugan nito ay tumigil o manatili (maiwan) sa isang lugar o kalagayan ng kaunting panahon.

2. Basahin ang mga sumusunod na pangungusap.

_____ a. They stay at home on weekends.

_____ b. They stay in the house at night.

_____ c. They stayed in Tamarind City.

_____ d. They stayed at the beach.

_____ e. She stayed for dinner.

_____ f. He stayed on the boat.

_____ g. Young-Hee and Chul-Soo came to Hawaii last year. Bong-Sik stayed in Korea.

_____ h. The boys stayed clean all day.

_____ i. Manuel stays healthy all the time.

_____ j. Be sure the room stays neat.

Markahan ng X ang mga pangungusap sa itaas kapag ang kahulugan ng stay ay tumigil o maiwan sa isang lugar. Lagyan ng (✓) ang mga pangungusap kapag ang kahulugan ng stay ay manatili sa isang kalagayan. Markahan na ngayon ang mga pangungusap. Pagkatapos, magpatuloy sa susunod na talata.

Tingnan ang mga pangungusap na and kahulugan ng stay ay tumigil o manatili sa isang lugar. Anong uring mga salitang sumusunod sa salitang stay sa mga pangungusap na ito?

Inyong makikita na may mga mababang salita, na ating tinatawag na pang-ukol, pagkatapos ng salitang stay. Ang mga pariralang pang-ukol na ito pagkatapos ng salitang stay ay nakakatulong sa ating pagintindi na ang ating pinag-uusapan ay tungkol sa pagtigil o pananatili sa isang lugar. Basahin ang mga sumusunod na halimbawa.

a. He stayed in the bathtub for an hour.

b. She stayed at the party.

Ngayon basahin muli ang mga pagsasanay na pangungusap. Salungguhitan ang mga pariralang pang-ukol.

Sa mga itong pangungusap (na may salitang) stay, ang pariralang pang-ukol pagkatapos ng (salitang) stay ay nagpapahiwatig na ang isang lugar ay hindi tiyak. Basahin ang mga sumusunod na halimbawa.

	place	time
She stayed	on duty	(for three hours).
Nanatili siya	sa trabaho	(sa loob ng tatlong oras).
on duty - di-tiyak na lugar		

He stayed in the Army (for five years).
Nanatili siya sa Hukbo (sa loob ng limang taon).
in the Army - di-tiyak na lugar

Tingnan ang mga pangungusap na may (salitang) stay + kalagayan. Ang mga salita (na sumusunod sa) pagkatapos ng stay ay kapareho ba ng stay + lugar?

Ingles sa Hawaii: Sa pag-uusap na "pidgin" ng mga Hawaiiano ang stay ay kadalasang ginagamit sa mga pang-ukol na ay (be) kapag ang pinag-uusapan ay tungkol sa pook o lugar na kinaroroonan. Makakaringig kayo ng mga pangungusap na ito sa Hawaii. Maaring hindi ninyo makikitang nakasulat ang mga ito.

Where he stay?
(Where is he?)

He stay da house.
(He is in the house.)

She stay Hilo.
(She is in Hilo.)

Pag-uusap Tungkol sa mga Tao at Wika

Ang sumusunod na listahan ay naglalaman ng mga kaalaman tungkol sa pagturing sa mga tao sa ibang bansa. Naglalaman din ito ng mga pangalan ng mga wika kapag itinuturing natin ito sa Ingles.

Kailangang alamin mo kung paano ang pagturing sa iyong sariling lahi at wika sa Ingles.

Ang taong taga-Tsina ay Intsik at sila'y nagsasalita ng salitang Intsik. (Maraming tao ang hindi nakakaalam na ang pananalitang Mandarin at Cantonese ay dalawang wikang Intsik.)

Ang taong taga-Hapon ay Hapones at nagsasalita ng wikang Hapones.

Ang taong taga-Biyetnam ay Biyetnames at nagsasalita ng wikang Biyetnames.

Ang taong taga-Pilipina ay Pilipino at maaring magsasalita ng Tagalog o Ilokano. (Mayroong pang ibang mga ibang pananalita sa Pilipino.)

Ang taong taga-Korea ay Koreano(a) at nagsasalita ng wikang Koreano.

Ang taong taga-Samoa ay Samoan at nagsasalita ng wikang Samoan.

Ang taong may dugong Hawaiiano ay tinatawag na Hawaiian. May wikang Hawaiiano, ngunit di-gaanong maraming Hawaiiano ang nagsasalita ng wikang ito. Ang kahulugan ng salitang Hawaiian ay taong may dugong Hawaiiano. Ito ay nangangahulugan din ng wikang Hawaiiano.

Ano ang pagtawag natin sa taong taga-Mahimahi? Kung sila'y may sariling wika, ano ito?

Ang taong taga-Mahimahi ay _____ at nagsasalita ng wikang _____.

Tr4 (PREPOSITIONS)

in - sa; sa loob ng; nasa
on - sa; sa ibabaw ng
at - sa; malapit sa; nasa
to - sa; hanggang sa
toward - patungo sa

Maaring gamitin ang in, on, at, upang magturo ng isang lugar.

in — ang in ay nagpapahiwatig ng isang dako o lugar na sarado o napapaligaran.

He lives in an apartment.

She lives in the house.

They live in Honolulu.

You are in Hawaii.

on — ang on ay nagtuturing sa ibabaw o labas ng isang dako o lugar.

She lives on Nene Street.

We live on Oahu.

The cat is on the roof.

He sits on the floor.

Ating ginagamit ang in sa mga estados, bansa, lupalop, malalawak na lugar, at maliliit na lungsod.

He lives in California.
(a state)

He lives in Korea.
(a country)

He lives in Asia.
(a continent)

He lives in the West.
(a large area)

He lives in Manila.
(a city)

Sa mga isla a pulo at mga kalye, ating ginagamit ang on.

We live on Oahu.
(But we live in Hawaii.)

They live on Nene Street.

at • ang at ay nagtuturing ng isang dako o lugar na malayo sa nagsasalita. Kapag ginagamit ang at, tayo'y nag-iisip ng isang lugar o dako lamang.

He lives at 2131 Mango Blvd.

He is at the beach.

He is at the hospital.

Maaring may mga pangungusap na ganito:

She lives in Hawaii on Oahu on a Street in a house at 220 Pali Avenue.

He is in Hawaii on Oahu at the beach on a bicycle.

Maaring gamitin ang to at toward sa mga pang-ukol na nagpapahiwatig ng dakong patutunguhan at galaw o kilos.



ang to ay nagtuturing ng galaw o kilos na titigil sa isang natatanging panahon o lugar.

Kapag ginagamit ang to sa mga dakong patutunguhan, tayo'y nag-iisip ng isang tiyak na layon o lugar na pupuntahan.

We walk to the beach.
The beach is our goal or destination.

He goes to the park.

She is walking to the bank.

They are running to the library.



ang toward ay nagtuturing ng galaw o kilos sa mga pangkalahatang direksyon o patutungahan. Hindi ito nagpapahiwatig ng isang tiyak na layon o patutungahan.

They are walking toward the beach.

He walks toward the bank.

The cat is walking toward the hospital.

The girl is running toward the park.

Mga Pagsasanay sa Mapa

Tingnan ang mapa ng lungsod ng Tamarind. Sagutin ang mga sumusunod na tanong.

1. Ikaw ay naglalakad sa lungsod ng Tamarind. Anong kalye o mga kalye ang maari mong daanan kung nais mong maglakad patungong dagat?

2. Ikaw ay nasa talyer ni Fukuda na pinagkukumpunihan ng mga katawan ng sasakyan. Papunta ka sa sinehan. Maglakad ka patungong _____ Boulevard.

3. Ikaw ay nasa aklatan. Ikaw ay maghuhulog ng iyong sahod na tseke. Maglakad ka sa Banyan Tree Street _____ bangko.

4. Ikaw ay nakatira _____ Mango Blvd. Ikaw ay nakatira _____ Hibiscus Court Apt. Ikaw ay nakatira _____ ikalawang palapag.

5. Ikaw ay pupunta _____ kinalalagyan ng mga hayop. Ikaw ay nasa Mango Blvd. Naglalakad ka _____ dagat.

Tr5 (Exercises With Prepositions)

Pilihin ang mga pangungusap na nagsasabi tungkol sa mga larawan sa mga sumusunod na pahina. Isulat ang mga pangungusap sa tabi ng mga tamang larawan. Maaring may higit sa isang pangungusap para sa isang larawan.

Tr6 (More Exercises With Prepositions)

Basahin ang mga pangungusap. Tingnan ang mga larawan. Bawat isang larawan ay may apat na pangungusap. Bilugan ang mga letra ng mga pangungusap na nagsasabi tungkol sa mga larawan. Markahan lahat ang mga pangungusap na nagsasabi tungkol sa larawan.

Tr7 (RECOGNITION EXERCISES)

Mga Bilin: Kapag ikaw ay nagbabasa, mahalagang bagay ang pagintindi ng kahulugan ng mga salita na nasa pahina. Isang paraan ng pag-intindi ng mga salita ay ang pagbasa ng lupon ng mga salita. Huwag basahin ang mga salita ng isa-isa. Subuking tingnan ang mga dalawa o tatlong salita ng sabay-sabay. Halimbawa, tingnan ang pangungusap na ito. Tingnan ang tuldok sa itaas ng at. Nakikita mo ba ang tatlong salitang look at this? Basahin ang mga pangungusap sa mga sumusunod na pagsasanay. Subuking tingnan ang tatlong mga salita ng sabay-sabay. Markahan ng (✓) ang magkaparehong paris ng mga salita. Maari mong ilagay ang marka (✓) sa kaliwa ng mga salita. Basahin ng mabilis. Orasan ang iyong sarili.

Tr8 (CULTURAL EXPLORATION)

PAGTUKLAS NG MGA KAUGALIAN PAGPAKILALA SA SARILI AT MAIPAPAKILALA

Alam mo nang ipakilala ang iyong sarili. Sa susunod ay malalaman mo nang ipakilala ang ibang tao. Ito ang isang bahagi ng Ingles na may tuntunin o pormula; iyon ay ang pagsaulo kung papaano mo ipakilala ang iyong sarili at ang mga ibang tao. Ngayon ay kailangan mong sanayin ang pakikipagkilala at pagpapakilala hanggang sa magawa mo ito ng mahusay. Ang pinakamahalagang bahagi ng pagpapakilala ay ang maliwanag at tamang pagbigkas ng pangalan ng bawa't isa.

NAMES

Karamihan sa mga Amerikano ay may tatlong bahagi ang kanilang pangalan--unang pangalan, gitnang pangalan, at apelyido.

Ang unang pangalan ay ang tinatawag o ginagamit ng ating mga kaibigan. Ito ang pangalan na sasabihin kung ipakikilala natin ang ating sarili. Ito and pangalan na unang isinusulat kung tayo ay magpipirma. Maraming mga unang pangalan sa Ingles. Kadalasan, ang mga anak na lalaki ay ipinapangalan sa ama o tatay. Kaya ang anak na lalaki ay magkapareho sa pangalan ng ama o tatay. Ang anak naman na babai ay kadalasan ipinapangalan sa unang pangalan ng ina.

Ang gitnang pangalan ay nasa pagitan ng unang pangalan at ng apelyido. Kadalasan hindi natin gingamit ang gitnang pangalan maliban lang kung magpipirma tayo ng mga legal na papeles. Karamihan ng mga tao ay ginagamit lamang ang unang letra ng gitnang pangalan. Itong unang letra ay

tinatawag na unang titik ng gitnang pangalan (middle initial). Gaya ng pangalang Mary Anne Jones ay maaring ipirma ng Mary A. Jones.

Ang huling pangalan ay ang apelyido. Ang mga batang Amerikano ay kadalasang ginagamit ang apelyido ng ama. Ang babaing may asawa ay kadalasang ginagamit ang apelyido ng asawa. Hindi na niya gagamitin ang dati niyang apelyido. Gaya ng, kapag mag-asawa na sina Mary Jane Smith at Robert Allen Jones, sila'y magiging Ginoo (G.) at Ginang (Gng.) Robert Allen Jones. Ang legal na pangalan ng babai ay magiging Mary Jane Jones. Ang apelyido niya noong dalaga siya ay Smith. Ang pangalan ng babai bago siya mag-asawa ay tinatawag na "maiden name". (Subalit may mga ilan sa mga Amerikanong babai na gumagamit pa rin ng kanilang pangalan pagkatapos silang mag-asawa).

Ang legal na pangalan ay ang unang pangalan, gitnang pangalan, at apelyido. Ang una at gitnang pangalan minsan ay tinatawag na naibigay na pangalan (given names). Ang huling pangalan ay ang apelyido.

INITIALS

Ang tinatawag na "initials" ay ang mga titik ng una, at gitnang pangalan, at ang iyong apelyido. Gaya ng, Mary Anne Jones ay magiging MAJ. Ang mga ibang tao, kadalasan sa mga lalaki, ang ginagamit nilang pangalan ay ang mga unang titik nito. Gaya ng tao na ang pangalan ay Billy Joe kung minsan ay tinatawag na BJ. Kadalasan ding ginagamit ang mga unang titik ng pangalan kung ang pinag-uusapan ay tungkol sa mga Presidente. Gaya ng, FDR (Franklin Delano Rosevelt), JFK (John Fitzgerald Kennedy), LBJ (Lyndon Baines Johnson).

NICKNAMES

Ang palayaw ay ginagamit sa halip ng iyong legal na pangalan. Minsan ang mga magulang ay nagbibigay ng mga palayaw sa kanilang mga anak. Gaya ng anak na lalaki na pinangalanan ng William ay may palayaw na Bill. Ang anak na babai na pinangalanan ng Elizabeth ay may palaway na Liz.

Kung minsan ang palayaw ay nakapagbibigay ng kanilang anyo. Ngunit madalas na ang mga magulang ay hindi nagbibigay ng ganitong pangalan sa kanilang anak. Kadalasan sila-sila na ring mga kabatahan ang nagbibigay ng mga ganitong pangalan. Gaya ng, isang bata na may buhok na kulay mais ay tinatawag ng Bulak (Cotton); o kaya'y ang ang bata na masyadong payat ay tatawaging Payat (Slim). Kadalasan ang mga pangalang ito ay hindi kanais-nais. Gaya ng, tao na nakasalamin ay tinatawag na Apat ang Mata (Four Eyes); at kung mataba naman ay tinatawag na Mataba or Sobrang

Taba (Fatso) o (Chubby).

Narito ang mga pangkaraniwang palayaw ng mga Amerikano na ibinigay ng kanilang mga magulang.

Girls	
legal name	nickname
Abigail	Abby
Barbara	Barb
Cynthia	Cindy
Deborah	Debbie
Elizabeth	Liz, Beth, Betty
Janice	Jan
Janet	Jan
Jennifer	Jinny, Ginny
Judith	Judy
Katherine	Kay, Kathy, Kate
Margaret	Marge, Margie
Nancy	Nan
Patricia	Pat, Patty
Suzanne	Sue, Suzy, Suzie
Susan	Sue, Suzy, Suzie

Boys	
legal name	nickname
Alfred, Alvin	Al
Arthur	Art
Andrew	Andy
Donald	Don
David	Dave
Edward, Edwin	Ed
Franklin	Frank
Henry	Hank
Harrison	Harry
James	Jim, Jimmy
Jonathan	John, Johnny
Kenneth	Ken
Michael	Micky, Mike
Jeffrey	Jeff
Patrick	Pat
Robert	Rob, Bob
Ronald	Ron, Ronnie
Steven	Steve
Randolph	Randy
Randal	Randy
Richard	Rick, Rich, Dick
Samuel	Sam, Sammy
Terrence	Terry
Terrance	Terry
Thomas	Tom, Tommy
Matthew	Matt
Victor	Vic

Boys

legal name	nickname
William	Bill, Billy
Theodore	Ted, Teddy

TITLES

Karamihan ng mga tao ay hindi gumagamit ng titulo sa pagpapakilala ng kanilang sarili. Ngunit, kung kayo'y unang makikipagkilala sa nakatatandang tao, superbisor, o guro, mabuti ang paggamit ng mga titulo.

Ang mga titulo o pangtawag ay kasama ng mga apelyido. Gaya ng, ang Mary Lee ay magiging Gng. Lee kung siya ay may asawa. Siya ay Bb. Lee kung dalaga. Ginagamit ang Ms. Lee kung ito ang gusto niyang gamitin na titulo o kung hindi mo alam kung siya ay dalaga o may asawa na. Mary ang tawag kung siya ay iyong kaibigan, iyong kasing-edad, o kaya'y bata pa lamang. Kailan man ay hindi siya tatawagin na Bb. Mary, Gng. Mary o Ms. Mary.

Kung minsan ang mga taga-ayos ng buhok ay gumagamit ng Binibini sa kanilang unang pangngalan habang sila'y nagtratrabaho. Kung sakaling ganito man, maaaring gamitin ang Bb. sa kanyang unang pangalan. Ngunit hindi nararapat na tawagin ang sino man sa ganitong paraan. Mabuti namang tawagin ang mga guro sa ganitong paraan subalit ito ay hindi tama at hindi maganda sa pandinig.

Ang pagtawag sa mga lalaki ay Ginoo (G.). Walang pagtawag sa Ingles ng titulo ng mga lalaki kung siya ay binata o may asawa. Hindi mabuting tawagin ang isang lalaki ng Ginoo (Mr.) na hindi kasama ang kanyang apelyido. Si Jim Johnson ay Mr. Johnson o kaya'y Jim kung siya ay iyong kaibigan o bata pa lamang. Kailanman ay hindi siya Ginoo (Mr.) lamang.

Kung hindi mo alam ang apelyido ng isang lalaki ay maaari mo siyang tawaging "sir". Ginagamit natin ang sir sa mga lalaking nakatatanda o kapag ang katayuan o ranggo ay may autoridad o kapangyarihan. Malimit na ang mga serbidor, serbidora, at mga kawani ay gumagamit ng "sir" sa pagtawag sa mga taong taga-tangkilik o kliyente. Hindi ginagamit ang "sir" sa mga pangalan gaya ng:

Sir Cruz
Sir Johnson
Sir Charles — (maaaring gamitin ito kung sila'y mga hari o makahari.)

SHAKING HANDS

Ginagamit ang kanang kamay sa pakikipagkamay. Kadalasan ang mga tao ay nakikipagkamay kung sila'y ipinakikilala sa

ibang tao. Ang mga kalalakihan ay nakikipagkamay sa isa't-isa sa unang pagtatagpo o pakikipagkilala. Kung minsan, sila'y nakikipagkamay kahit na sila'y magkakilala, sa pangangalakal o sa panlipunan. Ang dalawang matalik na magkaibigan ay magkakamayan kung sila'y hindi nagkita sa loob ng mahabang panahon, mga dalawa o tatlong buwan. Hindi dapat makikipagkamay sa mga taong kakilala mo na kung kayo'y nagkikita sa araw-araw.

Ang mga kababaihan ay nakikipagkamay lamang kung nais nila. Kadalasan, ang mga lalaki ay hindi nag-aabot ng kanilang kamay sa mga kababaihan maliban kung ang babai ang unang mag-abot ng kanyang kamay.

EYE CONTACT

Ang pakikipagtinginan ay mahalaga sa pakikipagkilala. Ito ay ang pagtingin sa mga mata ng iyong kausap habang kayo ay nakikipagkilala. Kung babanggitin mo ang pangalan ng isang tao kailangang tingnan mo siya.

BODY SPACE

Lahat ng kaugalian ay may agwat ng katawan ng ginagamit sa pakikipag-usap sa isa't-isa. Ito ay hindi itinuturo tungkol sa mga kaugalian ngunit napag-aaralan, kadalasan ay hindi natin namamalayan.

Ang mga Amerikano ay may agwat na dalawang talampakan habang sila'y nag-uusap. Subukang pagmasdan ang mga Amerikano habang sila'y nag-uusap. Iyong mapapansin na may agwat ang kanilang katawan habang sila'y nag-uusap.

Tr9 (COMPREHENSION)

Bilugan ang letra ng tamang sagot sa ibaba.

Tr10 (VOCABULARY)

Hanapin ang mga salita at pananalitang ito sa kuwento. Subuking hulaan ang kahulugan ng mga salita at pananalitang ito. Huwag gumamit ng talatinigan. Isulat ang kahulugan sa iyong sariling wika o sa Ingles.

Tr11 (REVIEW EXERCISES)

Sagutin ang mga sumusunod na tanong bago gawin ang susunod o ibang bahagi ng leksiyon.

UNIT II

IT'S A MATTER OF TIME

PREVIEW

Sa ikalawang pangkat na ito, iyong matutunan ang marami pang mga bagay-bagay tungkol sa islang Mahimahi. Ang pangunahing paksa ng bahaging ito ay tungkol sa oras. Iyong mababasa ang tungkol sa pamamaraan ng sasakyan sa Mahimahi, at matutuhang basahin ang listahan ng pagdating at pag-alis ng mga sasakyan. Ang listahang ito ay katulad ng listahan ng oras ng luwas ng mga sasakyan sa Honolulu. Kung kaya mo nang basahin ito, ay kaya mo na ring basahin ang listahan ng mga luwas ng sasakyan sa Honolulu. Mayroon ding maikling babasahin tungkol sa oras at paano magkuwenta ng oras sa mga buwan at mga araw.

Ang pangunahing pagsasanay sa pananalita sa pangkat na ito ay tungkol sa mga pang-ukol na into, through, from, between.

Alalahanin na ang mga kasagutan sa mga pagsasanay ay nasa huling panig ng aklat na ito.

Vocabulary/Phrases

Reading 4

a lot money - maraming pera, salapi
all day - buong araw ; isang araw
always /ôl'wāz/ adv lagi ; palagi
breaking down - nasisira
bought /bôt/ v pt,pp of buy binili
brings /brings'/ v dalhin ; dinala
brought /brôt/ v pt,pp of bring nagdala ; dinala
buy /bī/ v bumili
buying /bī'ing/ v prp of buy bumibili
children /chil'drən/ n pl of child mga bata
cost /kôst/ n halaga ; bayad
decided /dĭ-sī'dĭd/ adj tiyak ; natatalaga
expensive /ek-spen'siv/ adj mahal (ang bayad)
high school - mataas na paaralan
houses /hous'ĭs/ n pl of house mga bahay
in the mornings, afternoons - sa umaga, hapon
needed /nēd'ĭd/ v pt,pp of need kailangan, kinakailangan
old /ōld/ adj luma
renting /rent'ing/ v prp of rent nangungupahan
runs from _____ to _____ - tumatakbo mula sa _____ hanggang sa _____
students /s/t/y/oo'd nts/ n pl of student mga estudiyante
system /sĭs't m/ n pamamaraan ; kaayusan
takes home - iuwi (dalhin sa bahay)
through /thrōō/ prep sa pamamagitan ; dahil sa
used /yōōzd/ adj gamit na ; luma
used buses - gamit na mga sasakyan (luma)
visits /vĭs'its/ v dumalaw ; bumisita
workers /wûrk'ərs/ n pl of worker mga trabahador o mga taong nagtratrabaho

Reading 4A

between /bĭ-twēn/ prep sa pagitan ng

housing area - lugar o pook na kinaroronan ng mga bahay
voted /vōt'ĭd/ v pt,pp of vote bumoto

Reading 5

agreed /ə-grēd/ v pt,pp of agree sumangayon
city-wide /sĭt'ē-wīd/ panglungsod
discussion /dĭs'kŭs'shən/ n pag-uusap
doctor /dŏk't ər/ n doktor ; manggagamot
during /d/y/oor'ing/ prep sa panahon nga ; sa ; sa loob ng
easy /ē'zē/ adj madali
everyone /ev'rē-wŭn/ pron bawa't (isang tao) ; lahat ng tao
figure out - pasiyahan ; sumahin
go back and forth - pabalik-balik
had to - kailangan..
island-wide - pangbuong isla
lots of - maraming mga..
routes /roots/ n pl of route mga daan
said /sed/ v pt,pp of say sinabi
shop /shop/ v mamili
should /shood/ v pt of shall used as an auxiliary dapat ;
nararapat
so /so/ adv pagayon ; gayon ; kaya
start /start/ v mag-umpisa
take the bus - sumakay sa "bus"
that is - iyon, iyan ay
those /thos/ pron pl of that ang mga iyon, iyan
travels /trav'əls/ v maglakbay
wanted /wŏnt'id;wôn't'id/ v pt,pp of want gusto ; ginusto
weekday /wēk-dā'/ n lahat ng araw sa loob ng isang linggo
maliban sa araw ng Linggo

Reading 6

airport /ar'pôrt/ n palapagan ng mga eroplano
also /ôl'so/ adv din ; rin ; gayon din
blocks /bloks/ n pl of block bloke
build /bild/ v magtayo

businesses /bĭs'nĕs-ĭs/ n pl of business pangangalakal
bus terminal - himpilan ng mga sasakyan
catch a bus - sasakay ng "bus"
company /kŭm'p-nē/ n kompanya ; bahay-kalakal
edge /ĕj/ n tabi ; gilid
end /ĕnd/ n dulo
finally /fī'n-l'ē/ adv sa wakas
garage /g-raj';räzh/ n garahe
happy /hăp'ē/ adj masaya
merchants /mûr'ch-nts/ n pl of merchant mangangalakal
near /nĭr/ adj malapit
north /nôrth/ n hilaga
of course - siyempre naman ; aba' talaga
owners /ōn'-rz/ n pl of owner mga may-ari
residents /res'--d-nts/ n pl of resident mga naninirahan
ride /rīd/ v sumakay
several /sĕv'-r-l/ adj ilan ; iba't-iba
spa /spä/ n lugar na paliguan
stop /stŏp/ v tumigil
suburb /sŭb'-rb/ n arabal ; pook sa paligid ng lungsod
turn /tûrn/ v umikot ; bumalik

Bus Schedule

arrive /-rīv/ v dumating
destination /dĕs't--nā'sh-n/ n hantungan ; pupuntahan
east bound /ēst'bound/ patungong silangan
effective /ĭ-fĕk'tĭv/ adj mag-umpisang.. maging..
fare /fâr/ n pasahe
for further information - sa mga karagdagang kaalaman
holidays /hŏl'--dāz'/ n pl of holiday pista ; bakasyon
leave /lēv/ v umalis
one-way /wŭn-wā/ adj isa lamang na patutunguhan
Saturdays /săt'-r-dāz/ n pl of Saturday Sabado
schedule subject to change without notice - ang mga listahan ay maaaring mapalitan na walang paunawa

signs /sīns/ n pl of sign karatula
Sundays /sun-dāz/ n pl of Sunday Linggo
thru /throo/ prep sa pamamagitan ng ; sa
transit company - kompanya ng mga sasakyan
via /vī' ;ve' / prep pamamagitan ng
west bound /west bound/ patungong kanluran

Short Readings

after /af't r/ prep pagkatapos ; susunod
ahead / 'hed/ adv nauuna ; sa harap
America / -mer' -k / n Amerika
Americans / -mer' -k ns/ n pl of American mga Amerikano
another / -nuth' r/ adj isa pa ; iba
as soon as - sa lalong madaling panahon
August /o-g st/ n Agosto
autumn /o't m/ n taglagas
because /bi-koz/ conj dahil sa ; sapagka't
blue /bloo/ adj bughaw ; asul
calendar /kal' n-d r/ n kalendaryo
church /church/ n simbahan
clocks /kloks/ n pl of clock mga relos ; orasan
cold /kold/ adj malamig ; maginaw
December /di-sem'b r/ n Disiyembre
divide /di-vīd/ v hatiin
doors /dōrz;dorz/ n pl of door mga pintuan
ends /ends/ v matapos ; tapusin
evening /ev'ning/ n gabi
extra /ek-str / adj labis
faces /fās'is/ n pl of face mga mukha
fall /fol/ n taglagas
February /feb'yoo-er'e/ n Pebrero
food /food/ n pagkain
Friday /frī-da'/ n Biyernes
give /giv/ v ibigay ; handugan ; magbigay
go back to work - bumalik sa trabaho
go shopping - mamili

God /god/ n Diyos
hot /hot/ adj mainit
important /im-por't nt/ adj mahalaga
in thirty minutes - sa loob ng kalahating oras
January /jan'yoo-er'e/ n Enero
lasts from ____to ____ - magtatagal mula sa ___hanggang sa____
last day - huling araw
Latin word - salitang Latina
Leap years - taon na sobra ng isang araw (kapag ang buwan ng Pebrero ay may araw na 29)
learn /lurn/ v matuto ; mapag-aralan
like /lik/ v gaya
looks /looks/ v magmukha ; parang..
mainland /man'land/ n punong-bayan
March /march/ n Marso
May /ma/ n Mayo
means /mens/ v mangahulugan
midnight /mid-nit/ n hatinggabi
Monday /mun'da/ n Lunes
Monday thru Friday - Lunes hanggang Biyernes
months /munths/ n pl of month mga buwan
never /nev'r/ adv hindi o huwag kailanman
next /nekst/ adj sumusunod ; kasunod
night /nit/ n gabi
noon /noon/ n tanghaling tapat ; alas dose ng tanghali
offices /o'fis-is/ n pl of office mga opisina ; tanggapan
often /of'n/ adv malimit ; madalas
open /o'p n/ adj bukas
parents /par'nts/ n pl of parent mga magulang ; ama at ina
parks /parks/ n pl of park mga parke
picnic /pik'nik/ n piknik
playing /pla'ing/ v prp of play naglalaro
relax /ri-laks/ v magpahinga
sad /sad/ adj malungkot
sadness /sad'nes/ n kalungkutan

sand /sand/ n buhangin
seasons /se-z ns/ n pl of season panahon
second /sek' nd/ adj ikalawa ; pangalawa
September /sep-tem'b r/ n Septiyembre
spring /spring/ n tagsibol na panahon
stores /storz/ n pl of store mga tindahan
summer /sum' r/ n tag-araw
supermarkets /soo'p r-mär'kits/ n pl of supermarket tindahan
tell time - sabihin ang oras
three-day weekend - tatlong araw na may bakasyon (Sabado, Linggo, Lunes o Biyernes, Sabado, Linggo)
Thursday /thurz'de;dā'/ n Huwebes
time /tīm/ n oras ; panahon
Tuesday /t/y/oōz'de;da'/ n Martes
weather /weth' r/ n panahon
Wednesday /wenz'de;da'/ n Miyerkoles
week /wek/ n linggo
weekend /wek'end/ n araw ng Linggo
winter /win't r/ n taglamig
workday /wurk'dā/ n araw ng pagtrabaho o paghanapbuhay
work week - linggo ng pagtratrabaho
wristwatches /rist'woch-is/ n pl of wristwatch mga relos
year /yīr/ n taon

Miscellaneous Translations

Trl (Comprehension)

Basahin ang mga sumusunod na pangungusap. Bilugan and letra ng mga piling pangungusap na may matuwid na pasiyang maibabatay sa unang pangungusap. Ang pasiyang maibabatay sa unang pangungusap ay di-kinakailangang paq-uulit ng unang pangungusap.

Tr2 (VOCABULARY)

Kapag may salita sa babasahin na hindi mo alam, huwag titigil upang gumamit ng talatinigan (dictionary), hangga't hindi mo nasusubukang alamin ang kahulugan ng salitang ito. Kailangang basahin ang pangungusap na kinalalagyan ng salita at pagkatapos basahin ang buong talata. Kadalasan, maari mong hulaan at alamin ang kahulugan ng isang salita na hindi kinakailangan ang talatinigan.

Halimbawa, tingnan ang unang talata. Tingnan ang mga salitang island-wide at city-wide.

Ngayon, tingnan ang dalawang pangungusap na nagsisimula ng "That is," - "Ito ay,". Kapag nakakita ka ng "That is," alam mo na may isang kahulugan o pag-ulit ng kuro-kuro ng isang pangungusap ay sumusunod.

> One bus is an island-wide bus. That is, one bus travels between Poi City and Tamarind City.
>
> One bus is a city-wide bus. That is, one bus travels in Tamarind City.

Mapupuna na may buong pangungusap na nagsisimula pagkatapos ng "That is". Ang pangungusap na that is ay nagbibigay ng karagdagang kaalaman. Kapag tayo'y makakita ng that is malalaman natin na may sumusunod na karagdagang kaalaman na makakatulong sa pagintindi ng nangungunang pangungusap. Kadalasang may karagdagang kaalaman ang makikita sa mga pangungusap na sumusunod sa isang mahirap na salita. Ang kaalamang ito ay makakatulong sa iyong pag-intindi ng salita. Kaya, magpatulong bumasa, huwag kukuha ng talatinigan tuwing makakakita ka ng bagong salita. Sikapin munang alamin ang kahulugan ng salita.

Tr3 (Vocabulary Exercise)

Basahin ang mga sumusunod na pangungusap. Isulat ang kahulugan ng nasalungguhitang salita. Huwag gagamit ng talatinigan.

Tr4 (Vocabulary)

Hanapin ang mga sumusunod na salita sanaysay. Basahin ang talata kinalalagyan ng mga salita. Subuking hulaan ang kahulugan ng mga salita. Subuking ibigay ang katuturan ng mga salita na di-gagamit ng talatinigan. Ang mga pangungusap sa pagsasanay na ito ay may mga kaalaman na makakatulong sa iyo.

Tr5 (Comprehension)

Pilihin ang mga pangungusap na pareho ang kahulugan sa unang pangungusap.

Tr6 (MORE PREPOSITIONS)

into - nagpapahayag ng kilos o galaw; kapag ang kilos ay natapos na, ang tao o bagay ay nasa loob ng isang bagay.

1. She is walking into the bank.
2. He is driving into the city.
3. They moved into an apartment.

through - nagpapahayag ng kilos o galaw na hindi nagtatapos sa isang lugar.

1. The bus goes through the town. (The bus continues its journey.)
2. He walked through the park. (He continued walking.)
3. The car went through the window.

